NAGOMi

National Association for Global & Open Minded Communities

一般財団法人 外国人材共生支援全国協会

National Association for Global & Open Minded Communities

# Specified Skilled Worker Program

## Kampanya Para Mapigilan ang Pandaraya

### Registered Support Organization

- ☐ Magkaroon ng sapat na komunikasyon sa foreign worker na sinusuportahan
- ☐ Gawing "harap-harapan" ang regular na panayam at ito ay isagawa sa wikang naiintindihan
- ☐ Kumpirmahin kung walang hindi nararapat na mga fee, malaking utang, at malaking regalong pera
- ☐ Kumpirmahin kung walang pandarayang ginawa ang Accepting Organization

### Accepting Organization

- ☐ Magsagawa ng sapat na pagpapaliwanag tungkol sa kundisyon sa pagtrabaho, mga kaltas sa sweldo, sitwasyon sa trabaho at pamumuhay
- ☐ Iwasan ang diskriminasyon sa mga foreign worker
- ☐ Iwasan ang paggamit ng illegal broker
- ☐ Isulat ng tama at isumite ang mga dokumento tungkol sa sitwasyon ng pagtanggap sa trabaho at sitwasyon ng pagtatrabao
- ☐ Siguraduhing sundin ang Labor Standards Law
- ☐ Siguraduhing sundin ang Occupational Health and Safety Law

### Specified Skilled Worker

- ☐ Intindihin ng mabuti ang kundisyon sa pagtrabaho (nilalaman ng trabaho), mga kaltas sa sweldo, at tungkol sa sitwasyon ng trabaho at pamumuhay
- ☐ Ibuo ang inyong sariling career para sa kinabukasan
- ☐ Protektahan ang sarili at sundin ang mga batas at patakaran ng kumpanya

### Sending Organization

- ☐ Iwasang magbigay ng kickback at labis na paglilibang para sa Registered Support Organization at Accepting Organization
- ☐ Kung may sisingilin na fee sa specified skilled worker, siguraduhin lamang na ang halaga nito ay pinapayagan ayon sa batas



Specified Skilled Worker Program 2024
Kampanya Para Mapigilan ang Pandaraya

外務省 Ministry of Foreign Affairs of Japan | ひと、くらし、みらいのために 厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare | 法務省 MINISTRY OF JUSTICE | 経済産業省 Ministry of Economy, Trade and Industry | MAFF 農林水産省 | 国土交通省 Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism

NAGOMi

National Association for Global & Open Minded Communities

一般財団法人 外国人材共生支援全国協会

National Association for Global & Open Minded Communities

# Specified Skilled Worker Program

## Kampanya Para Mapigilan ang Pandaraya

### Registered Support Organization

01. Magkaroon ng sapat na komunikasyon sa foreign worker na sinusuportahan

- Sikaping kayo ay maaasahan hindi lamang sa pang araw-araw na mga bagay, lalo na sa panahong may problema
- Magkaroon ng translator na regular employee, at siguraduhing kaagad na mako-kontak kapag may problema

02. Gawing "harap-harapan" ang regular na panayam at ito ay isagawa sa wikang naiintindihan

- Ang panayam sa specified skilled worker at ang kanyang supervisor na ginagawa bawat tatlong buwan ay dapat gawin ng harap-harapan at sa wikang naiintindihan ng specified skilled worker

03. Kumpirmahin kung walang hindi nararapat na mga fee, malaking utang, at malaking regalong pera

- Kumpirmahin kung walang mga fee, deposit, at penalty na hindi dapat singilin sa specified skilled worker, at kung wala siyang malaking utang dahil dito
- Kumpirmahin kung walang natanggap na regalong pera ang specified skilled worker para magtrabaho

04. Kumpirmahin kung walang pandarayang ginawa ang Accepting Organization

- Kumpirmahin kung walang paglabag ng labor law at immigration law ang Accepting Organization sa pamamagitan ng regular na panayam at konsultasyon. Kumpirmahin rin kung hindi kinuha ng Accepting Organization ang kanilang passport at residence card. Kung malamang mayroong mga ganitong pandaraya, kaagad ipaalam sa mga kinauukulan.

### Accepting Organization

05. Magsagawa ng sapat na pagpapaliwanag tungkol sa kundisyon sa pagtrabaho, mga kaltas sa sweldo, sitwasyon sa trabaho at pamumuhay

- Ipaliwanag ng sapat sa specified skilled worker ang tungkol sa kundisyon sa pagtrabaho (lalo na tungkol sa overtime at bonus), halaga at nilalaman ng mga babayaran nila at sisingilin sa kanila (rent sa apartment at pagkain)
- Ipaliwanag nang maaga kung sila ang magbabayad ng mga kakailanganin sa trabaho at pamumuhay at kung sila ang magbabayad kung mayroong anumang masirang bagay sa kanilang sariling wika. Itala kung mayroon mang mga katanungan, pati na rin mga kasagutan nito.

06. Iwasan ang diskriminasyon sa mga foreign worker

- Iwasan ang diskriminasyon sa mga benepisyo tulad ng sweldo, edukasyon, welfare benefits, etc. sa dahilan ng pagiging foreigner
- Iwasan ang pagtanggal sa trabaho at di tamang pagtrato dahil sa pagkabuntis, panganganak, pagkasugat, pagkaroon ng sakit, etc. (lalaki man o babae man ay may karapatang kumuha ng leave para sa pag-aalaga ng bata)
- Iwasan ang karahasan, mapang-abusong pananalita, pananakot, panliligalig, sapilitang pagpapauwi, at hindi makatwirang paghihigpit sa pribadong pamumuhay ng mga specified skilled worker

07. Iwasan ang paggamit ng illegal broker

- Huwag magbayad sa mga employment agency sa Japan na walang lisensya (pati na rin mga indibidwal) at mga kumpanyang (pati na rin mga indibidwal) walang lisensyang magpdadala ng tao sa ibang bansa
- Kumpirmahin kung hindi sobra sa pinapayagan ng batas ang binabayad na fee pati na rin ang binabayad sa broker

08. Isulat ng tama at isumite ang mga dokumento tungkol sa sitwasyon ng pagtanggap sa trabaho at sitwasyon ng pagtatrabao

- Sundin ang patakaran sa paggawa at paghanda ng mga management record at deadline sa pagsumite ng quarterly reports sa sitwasyon ng pagtanggap sa trabaho at sitwasyon ng pagtatrabaho, pagbabago at pagtatapos ng kontrata, at kung mahirap ang patuloy na pagtanggap ng foreign worker

09. Siguraduhing sundin ang Labor Standards Law

- Siguraduhing bayaran ang tamang suweldo (lalo na ang dagdag na bayad sa overtime at pagtrabaho sa holiday)
- Iwasan ang ilegal na overtime (kumpirmahin kung naayon ito sa napagkasunduang oras ng overtime at pagtrabaho sa holiday)
- Siguraduhing pagamitin sila ng paid leave (siguraduhing pagamitin sila ng limang araw na paid leave sa isang taon)
- Siguraduhing mayroong apat na dokumento na tinatakda ng batas (wage ledger, attendance record, listahan ng mga pangalan ng empleyado, taunang listahan ng pagkuha ng paid leave)
- Magbigay ng ligtas at malinis na tirahan

10. Siguraduhing sundin ang Occupational Health and Safety Law

- Gumawa ng safety and health management system (magtalaga ng safety manager, health manager, work supervisor, etc.)
- Ipaliwanag sa interview, pagpirma ng kontrata, at panahon ng pag-hire ang tungkol sa nilalaman at lugar ng trabaho sa madaling maintindihan na paraan
- Siguraduhing turuan sila tungkol sa safety at health (turuan sila sa panahon ng pag-hire at kung may bagong trabaho, bigyan sila ng espesyal na pagtuturo kung may delikadong trabaho, etc.)
- Siguraduhing makakuha ng espesyal na training at lisensya para sa mga nakatakdang trabaho
- Siguraduhing magsagawa ng regular at espesyal na health examination at stress check para sa mga technical intern trainees
- Sakaling magkaroon ng sakuna o aksidente sa trabaho, huwag itong itago at kaagad na ipaalam

### Specified Skilled Worker

11. Intindihin ng mabuti ang kundisyon sa pagtrabaho (nilalaman ng trabaho), mga kaltas sa sweldo, at tungkol sa sitwasyon ng trabaho at pamumuhay

- Kung mayroong hindi naiintindihan, siguraduhing magtanong at kumonsulta

12. Ibuo ang inyong sariling career para sa kinabukasan

- Kumonsulta sa ibang tao at pag-isipan kung ano ang gusto ninyong makamtan sa buhay habang nagta-trabaho
- Para makamtan ang mataas na kasanayan at abilidad sa pagsasalita ng Nihongo, pagsikapan ang inyong mga layunin

13. Protektahan ang sarili at sundin ang mga batas at patakaran ng kumpanya

- Kung nag-iisip na lumipat ng trabaho, kumonsulta muna sa iba kung paano mapapabuti ang kasalukuyang sitwasyon
- Kung nangangamba na baka sakaling naloko ng broker o ginagamit lamang, huwag mag-alala ng mag-isa at kumonsulta sa iba
- Huwag isipin ang sariling interes lamang, huwag gumawa ng mga kriminal na bagay at sundin ng mabuti ang mga batas at patakaran

### Sending Organization

14. Iwasang magbigay ng kickback at labis na paglilibang para sa Registered Support Organization at Accepting Organization

15. Kung may sisingilin na fee sa specified skilled worker, siguraduhin lamang na ang halaga nito ay pinapayagan ayon sa batas

- Sundin ang batas tulad ng pagsingil lamang sa specified skilled worker ng fee na pinapayagan ayon sa batas
- Linawin ang halagang binayaran ng specified skilled worker at magbigay ng official receipt (o invoice)